PASu Aquino: "Salamat sa support. So ako, bilang PASu ng Ursula, hindi po ako nagpapasalamat ng lubusan kasi nasa proseso natin kung anu pa man na mga kailangan. Huwag lang po kayo magsawa sa amin na suportahan kasi alam namin na nasa likod namin kayo. Kasi kahit gaano kami kalakas kung walang suporta na galling mismo sa inyo ay walang mangyayari sa amin. Kahit anong kagustuhan ko, sana sa administrasyon ko bilang PASu sana maproclaim na siya. Then pag naproclaim idaan na kagad siya sa kongreso, kung may kakilala tayo diyan na congressman kaagad. Para kahit naunang naproclaim yun iba, yun iba presidential proclamation pa lang din naman, malay mo maunahan natin yun iba. Syempre dahil sa suporta ninyo hindi po kami magsasawa na mangungulit para sa Ursula. Asahan ninyo po na i-open natin, yun mga number natin kung may mga concern pwede ninyo kaming tawagan anytime. May number po ako kay Kap, kung may mga concern regarding sa Ursula or ibang related sa DENR, ineentertain naming yan para lang makatulong. Ika nga ni Pinoy, yun lang ang nakita kong tama sa mga sinabi nya *Kayo yun mga Boss namin*. So kung wala kayo, wala kami dito so dapat lang na ibalik naming ang ibinabayad ninyong tax sa gobyerno. So pwede kayong tumawag kung may mga concern kayo para bago kayo pumunta ng opisina alam nyo na kung ano yun mga kailangan at dapat dalhin para makatipid sa pamasaha. Sa inyong lahat, sa support, maraming salamat. Higit kay Kap sampu ng constituents' nya, Maraming Salamat Po!"

The meeting was adjourned at 11:30 A.M.

Transcribed and prepared by:


RACHEL M. APPIE
EE Planning Officer

Reviewed by:


FRANKLIN M. AQUINO
FIII/PASU UIGRBS

Attested by:


CONRADO M. CORPUZ
OIC-CENRO



**SUBJECT : MINUTES OF PUBLIC CONSULTATIONS TO THE
STAKEHOLDERS OF URSULA ISLAND GAME REFUGE
AND BIRD SANCTUARY (UIGRBS) IN BARANGAY
TARATAK, BATARAZA, PALAWAN ON MAY 26, 2021**

ATTENDANCE:

Jahamain A. Jaafar	Punong Barangay
Nonoy Siplaco	Barangay Kagawad/Committee on Environment
Khadafy Saari	Barangay Kagawad
Ahmad Upping	Lupon
Leonardo Samporan	IPMR
Jojo Buchan	Brgy. Secretary
Marife Salvia	Womens
Aileen Arriesgado	Fisherfolks
Sahaya KAsim	Religious Sector
Mesal Upping	SK Chairman
Analyn Siplan	Residents
Romela Jumaani	Brgy. Treasurer
Mariam Upping	Religious Sector
Franklin M. Aquino	PASu UIGRBS
Rachel H. Appie	FI/Planning Officer
Rodel Ronas	Forest Protection Officer-UIGRBS

PRELIMINARIES:

The meeting started at 10:00 o'clock in the morning with a prayer led by Ahmad Upping. Barangay Kagawad Khadafy Saari welcomed the guests and participants attending the activities.

After the warm welcome of participants, PASU Franklin M. Aquino discussed the purpose and objectives of the meeting. PASU Aquino explained that the conduct again of public consultation for the proclamation is due to the result and query of RED Maria Lourdes Ferrer during the National Review conducted and attended thru Zoom last April 19, 2021. The meeting was divided into two part: Part I Communication, Education and Public Awareness (CEPA) and Part II Public Consultation for the proposed proclamation of Ursula Island Game Refuge and Bird Sanctuary.

PART I: Communication, Education and Public Awareness (CEPA)

Forester Rachel Appie discussed the facts and information about UIGRBS using the prepared PowerPoint Presentation. Further, the purpose of RA 7586 or the National Integrated Protected Areas System and process of proclamation were also discussed for information of all the participants. To conclude the Part 1 activity, an audio visual

nang mabilang sa for signature ni Presidente parang nalungkot ako. Sabi ko walanghiya, bakit ganun? Gusto na ng Board o nun Panel, gusto ng aprubahan pero yung mismong Head ng DENR, sabi niya *teka, sandali lang muna!* So parang, hindi ko alam kung ano yung naramdaman ko, grabe naman si Director, gusto na ng panel na aprubahan pero pinahinto niya muna, binigyan siya ng two months para mapag-aralan muli. Nun araw na 'yon parang hindi ko maintindihan, nagalit ako na parang sabi ko sayang naman yun pagod. Pero nun pagkatagal naintindihan ko yun nasa loob niya. Kumbaga nakuha ko yung gusto niyang mangyari, kaya niya siguro pinahinto muna para pag-aralan at marinig muli sa inyo, un pinakalatest, recent na ano ba talaga ang desisyon ng barangay, gusto ninyo ba talaga na ma-proclaim? Ano ba yun mga advantage at disadvantage sa kalagayan ninyo bilang nakakasakop doon sa area? So doon ko napag-aralan na ganon yun nasa isip nya, na ibig sabihin, sabi ko si RED ay makatao. Tinitingnan niya hindi lang yun nasa taas kung hindi tinitingnan niya kung anu muna yun desisyon ng nasa pinakamababa bago siya mag-decide. So sabi ko magaling talaga tong si RED. So nun mga nakaraang lingo, tatlong lingo nakakaraan, yun nagbaba siya ng memorandum na mag-conduct tayo ng public consultation. So ibig sabihin pag public, public ibig sabihin pang-maramihan! So sabi ko, teka teka, public consultation parang hindi pwede sa ngayong panahon. So tinawagan ko na naman yung aming Division Chief na may concern dito, sabi ko pwede ba yung public consultation eh pandemic ngayon? Ako na nagrecommmend, hindi ba pwede na gawin nating representative ng mga kababaihan, representative ng mga kabataan, representative ng mga fisherfolks, etsetera etsetera. So sabi niya ok naman yan basta gusto niya lang kumpleto yun minutes ng meeting, kumpleto yun documentation, yun pictures, attendance representing dun sa sinasabi nilang public consultation. So yun na nga ang ginawa namin, at yun ang nangyari kaya nga sabi ko ngayon hindi pa natatapos ay nagpapasalamat na ako sa inyo kasi isa sa masasabi ko na successful itong patawag natin na meeting sa kabila ng kalagayan ng panahon ngayon. Parang hindi na normal, ang daming nakasabit hindi na makahinga, andaming nakasabit sa ating mga bunganga. Sa susunod sabi ko nga baka pati mata may takip na para tayong mga kabayo na gina-guide na lamang. So mamaya, i-open natin, anu ba yung mga hinaing ninyo? Ano ba yun gusto ninyong mangyari para lalong mas mapaganda yung pamamahala natin dito sa Ursula kasi sabi ko nga kanina, hindi sa amin ito sa inyo! Kami lang ang mamahala bilang kayo yun taga barangay, binabayaran ninyo kami mula sa taxes nyo para magtrabaho at yung perang binabayad, tungkulin naming taga gobyerno na gawin ito. Mamaya kung pwede lang gusto ko magsalita yun bawat isa sa inyo para marinig yun opinion ninyo, huwag kayong mahiya parang tayo lang ay nag-uusap. Sabihin ninyo ano yun gusto ninyong mangyari? Ano ba maging epekto nyan? Sabi ni maam kanina, kung halimbawang ma-proclaim ito unang advantage yun magkakaran ng sariling pondo, so tatakbo ito independently na. Kahit may pondo na galing sa itaas, pagdating ng panahon pag may pumupunta dito ko-collect tayo, lalo na sa mga galing ibang bansa na mga turista, mangongolekta tayo ng environmental fees, so yun bahagi non may bahagi ang barangay, sa IRA na mapupunta sa barangay na nakakasakop sa lugar ng Ursula Island. So pangalawa, halimbawa kailangan ng maraming labor, so syempre san tayo kukuha kundi dun sa lugar na nakakasakop sa Ursula. Syempre pag na-proclaim yan kailangan ng dagdag na tao, dagdag na manpowers, syempre isa sa pagkukunan naming ng tao ay dito sa Taratak. So yun ang sinasabi naming, isa pa kung yun magtanong ang tao san ba ang Ursula na yan, sakop ng Barangay Taratak, so Pride nyo! Kasi bihira yun lugar na magkaron ng protected area. So ibig sabihin pag naproclaim yan, isang tanda din ng pag-unlad ng isang barangay. Kasi pag tanong, *Saan Yan? Sakop ng Taratak, Rio Tuba at Sarong ang isla na yan! Pagmamay-ari ng tatlong barangay na*

presentation were presented to appreciate more the beauty of the island and add more information regarding the accomplishments and initiatives of DENR and PAMB members in the protection and management of UIGRBS.

PART II: Public Consultation

The consultation proceedings was opened by PASu Franklin Aquino "So parang nakarating na kayo diba? So hindi nyo na kelangan magpunta doon? Biro lang, so ituloy-tuloy na natin. Yun first part natapos na, yung Ursula Island nakita nyo na yung video, pictures nakita nyo na din. Videos and pictures pa lang nakikita ko nang parang gusto nyo nang magpunta. Hayaan nyo, siguro by October ma-lift na un order, siguro nirerecomend ko yan na i-schedule ni Kap, lahat ng barangay Officials. I-schedule lang natin para hindi tayo magkasabay-sabay sa isla kasi isinasaalang-alang natin. Pag sinabing sanctuary, ito ay pinangangalagaang lugar na kung saan hindi pwedeng maistorbo yung mga buhay ilang na nandoon sa isla. So eto na tayo, yun pinakamahalaga at importanteng parte na kailangan ng ating Director. Sa kaalaman po ng lahat, yun ating nakita kanina sa lecture ng ating kasama, ay nasa Step 8 na tayo. So ibig sabihin, dalawang hakbang na lamang tapos na. Pero yun ginagawa natin ngayon, Number 8, kahit yun na lamang muna. Yung mapirmahan ng ating Presidente, kasi alam naman natin next year eleksyon na naman, baka pag mag-iba na naman ang administrasyon, babalik na naman tayo sa Grade 1 o Step 1, so ang hirap. So nun nakaraan, earlier first quarter, pinapag-aralan nila kasi ang sabi nun sa Regional Office, sa Protected Area, lima ang qualified na ma-screen sa Region 4B, pero ang sabi ng Regional Office, tatlo (3) lang daw ang kukunin for the target of this year. So sabi ko, nag-isip ako, kasali kaya tayo dun sa tatlo? So nun napag-aralan ko, itinawag ko, humingi ako ng...call a friend, nag-life line tayo, pinasilip ko kung kasama. Parang pang-apat tayo, sabi ko parang hindi tayo kasali, kasi kung tatlo lang, pang-apat tayo samakatwid hindi tayo kasama! So ang ginawa ko talagang humingi ako ng tulong sa ibang mga kakilala natin, kaibigan natin sa taas, pakisama naman ng Ursula, ang tagal nayan.. 1960?! So ilang taon na yan ngayon, 61?! So sabi ko ang tagal na yan at matagal ng hinangad ng ating kababayan sa Bataraza yun proclamation. Oo alam natin na nakuwan siya thru Administrative Order pero kung бага sa bata gusto natin na marehistro na talagang protected area siya. So sabi ko nga, ito ay hindi sa amin, kami lang ay nagmamamane para sa taga Bataraza, lalong lalo na para sa inyo mga taga Taratak na kung saan isa kayo sa nakakasakop sa ating isla. Proud tayo dahil ang ganda! Noong pinakita itong video na ito, nung nakita nun National Review noong April 19, sabi nung mga Assistant Secretary, mga USec na kasama doon sa deliberation, kasi hindi pala basta-basta ito talagang tinitingnan nila dinidiliberate, talagang qualified siya as proclaimed protected area. So nakita nila sabi nila *Wow, ang ganda naman niyan! Kailan ba kami pwedeng makarating diyan? Sobrang ganda! Kaya lang, noong pinagdesisyon na si RED noong April 19, kasi i-poproclaim na eh, ieendorse na sa Office of the President, kasi nandoon na sa table ng BMB, Biodiversity Management Bureau, Teka Lang! Kumbaga parang siya yung nagdedefend ng thesis, pero sabi niya Teka muna, bigyan ninyo ako ng dalawang buwan pa para mapag-aralan ko at marinig ko MULI yun boses ng nakakasakop na lugar. Sa kabila nun andami na tayong, kung matatandaan nyo andami na kayong napirmahang barangay resolution na endorsing un Ursula Island, andami na! Sabi ko nga nagsasawa na kayo sa amin eh! Pero sabi ko sige lang, diretso lang. So teka sabi niya, gusto ko munang marinig muli yun boses nun tatlong barangay na nakakasakop diyan. So nun narinig ko nung una parang... ako sa gusto ko na maproclaim, gusto ko*

yan! So yun pa lang, proud ka na pag narinig mo sa ibang lugar. Ako nga, hindi ako taga rito dayo lang ako, pero nun nakita ko yung Ursula sabi ko ang gandang lugar, kakaiba talaga unique, kumbaga sa ingles Unique kakaiba sa ibang lugar. Kakaiba sa ibang protected area, punta ka sa underground iba yung lugar, dito talagang sanktuwaryo ito, kaya kapag may nagpunta doon sabi ko wag kayong papasok sa loob. Kasi, ako nakaranas ako magpasok sa loob yun pugad ng ibon abot kamay mo lang. So mahirap yun papasok ka kasi mabubulabog sila. So andaming buhay ilang, palagay ko marami pang buhay ilang diyan na hindi pa nadiskubre na kung saan kailangan pa yun mas malalim na pag-aaral. So siguro magagawa natin yan kapag ito ay naproclaim na. Marami din nagtatanong, bakit 21 hectares lang yun island, bakit dinagdagan pa natin ng dagat? Bakit nag-kwan pa tayo ng marine area? Siyempre, ang isang isla kung lupa lang, pano yan kung hindi mo isakop yun tubig? Sample ko na lang nun na-aground yun, yun sumadsad na fishing vessel, yun IRMA. So ngayon may multa siyang 1.7 million. So wala kaming basis na mag-file ng case kasi ang na-proclaim lang ay yun 21 hectares. So paano natin pamumultahin yan na wala ka namang basehan? Baka sabihin ng kumpanya *bakit may papel ka ba na nagsasabi na yang nasadsaran ng aming bangka ay protected area?* So ang ginawa namin ay in-turn over namin sa LGU bilang sakop ng fishery code nila. Laking bagay sana yun di ba? Tayo na ang mag-file ng case, So iyon ang isang importansya nya. Sa pangingisda naman, hindi kaya kayo maapektuhan? So yun main land area nya is 21 hectares pero yun karagatan ay 621. Pero gusto kung ipaalam sa inyo na yung marine area nya, un dagat ay bahura lamang. Kumbaga dapat pangalagaan natin yun para mangitlog ang mga isda, magparami, para hindi na hirap. Para pag nangitlog mabuhay sila and then saka pupunta sa dagat. So useless yun isang protected area na hindi mo pangalagaan yun katabi. So yung gusto ni RED ng Director namin, hindi ba maapektuhan ang fisherfolks? So hindi nya lang siguro alam kung gaano kaluwang yun dagat na nakakasakop sa tatlong barangay na karatig pook ng Ursula Island. So yun yung pinakamahalaga na gusto niyang malaman. Ano ba yung say ninyo? Ano ba yung final say ninyo? Gaya ng sabi ng kasama ko kanina, 2020 pa yun latest na resolution, 2021 na ngayon kelangan malaman ko uli ano ba talaga? Wala na ba silang duda? Talaga bang kelangan na ba talagang maproklama yan? So yun yung pinakasadya namin ngayon sa inyong lahat. So i-open naming yung table, sabihin ninyo, wag kayong mahiya, anu ba yung nasa isip ninyo. Isipin nyo yun good side. Makakabigay ba ito? Ano ba ang disadvantage nito para sa barangay namin?”

“Ako po si Nonoy Siplaco, kanina nabanggit ko, ako kasi hindi pa nakarating ng Ursula, so may kanya kanya tayong pabiro kanina. Pero totoo itong kwento na ito, yung mga ninuno namin kung paano noon, ginagawang ano kasi yan pag pumupunta silang Bugsok, kasi pumupunta yun mga ninuno naming doon tapos pag inabot sila ng hapon, minsan pag masama ang panahon so nakukuwento yan ng mga ninuno namin, ang ginagawa nila, nangongolekta sila ng ibon, minsan daw kumpol-kumpol ginugulat lang nila kasi hindi mga sanay sa tao. Tapos nangongolekta sila ng mga itlog ng pawikan. So ngayon naisip kasi namin ayon sa, although alam natin na may sariling batas ang katutubo, mas ok po sa amin bilang part ng katutubo na ma-proklama na siya kumbaga para mapreserba. Kasi iniisip man natin, maging ibon man siya, pawikan man siya lahat ng yaman ng isla na yan kayo kung talaga hindi ano, naooover-use siya. Kaya kami bilang katutubo nagpapasalamat din kami na kung sakaling maproklama na maprepreserve yan, mapoprotektahan natin. Maliban lang sa labas wala tayong pakialam, para naman hindi lang sa libro makikita katulad nun mga yaman Ursula natin kungdi meron pa talaga. Kaya nga desidido akong makarating doon eh naaano ko pa lang, pero sa part namin katutubo

pumapayag po kami, katulad kanina nakita natin dun sa ano, nakasaad doon pati mga katutubong mamamayan, makikinabang siya. So ang gusto ko lamang malaman mamaya ano ba talaga, sa part ng katutubo kasi may sariling batas siya, kung sakaling ma-preserve nga natin, ano yung kabahagi nga mga katutubo? Kasi yun na nga sinasabi ko ginagawang tambayan ng mga ninuno naming kapag pumupunta sila ng Bugsuk, so dahil nga ipipreserve natin bawal na mangisda doon, so anu mang development, gusto po naming mga katutubo ay makasama din don.”

PASu Aquino: “So salamat dun support, sa suporta nyo sa proclamation. Kami naman, so nakaranas nga ako mag-stay, nun December halos dalawa-tatlong lingo, naiintindihan namin minsan, sabi nga ni maam kanina kung naabutan ng lakas yun mga kapatid nating mangingisda pwede naman. Pero para mapaganda, pagdating kasi ng panahon, tingnan nyo yun advantage nun sinara natin ang isla nagbalikan ang mga ibon, gumaganda na yung lugar. Halimbawa, pag naprotektahan natin yan dadami ang isda, ang isda hindi naman nako-confine lang sa isang area eh. So siguro yung pangangisda natin hindi na natin kailangan magpunta pa sa malayo kasi nandoon yun breeding ground nila so lalapit na lang yan. Kasi sa ngayon ang nakikita lang natin nakikinabang yun malalaking mga Bangka. Minsan hindi pa maganda yun kwan di ba? Yun ang isang advantage non, kayo mismo na maliliit na Bangka hindi nyo na kailangan maglayo para mangisda o manghuli ng isda sa malayo. Malaking bagay na maprotektahan natin. Tapos ang sinakop lang naming yun bahura then open lang naman siya. Ang kailangan lang natin yun mangingisda, yun malalaking mangingisda na gumagamit ng mga bongbong kumbaga pinapahuli din naming yan. Kasi hindi lang para sa amin, higit lalo sa inyo ang makikinabang, kasi kung puro bongbong yan wala na kayong mahuhuli na net lang ang ginagamit diba? So mas mapaganda yan kagawad pagdating ng panahon. Salamat ng marami sa support.”

“Ok sir naiintindihan naming, bali saklaw na rin naman ng IPRA Law. So yun nga sabi ko katulad nyan kung may mapreserba tayong isang lugar doon tatambay ang maraming mga ibon, dun makakakita ng mga pawikan. Kaya kami ay nagpapasalamat sa PAMB dahil kapag naprotektahan natin yan, hindi lang sa libro na lang makikita ang mga yaman ng isla natin kung hindi meron pa talaga dito sa atin dito sa Bataraza. Ok po kami jan.”

Mrs. Aileen D. Arriesgado raised a question “Sir sa mangingisda po, hanggan saan lang po ba talaga ang abot na pwedeng pangisdaan nila. Syempre hindi po namin alam kung hangang saan, malapit sa isla?”

PASu Aquino replied “So ganito yan, kapag naproklama na ang isla, malapit lang sa isla. Hindi naman kalayuan, paikot lang ito, bahura lang ito. So pagdating na naproclaim ito at may pondo na, lalagyan natin ng boya para may palatandaan.”

“Ibig sabihin pag labas ng boya sir pwede ka ng mangisda?” asked by participants

“Oo, kahit paglabas ng boya mangisda ka na, wag ka lang magbongbong. Malapit lang naman eh!” said PASu Aquino

Added by Mrs. Arriesgado "Kasi po yung mga kuya ko sa Brooke's minsan nakakarating yan sila sa Ursula, tapos dun sila magsilong pag lakas"

PASu Aquino "Ok naman walang problema. Kaya lang ang sinasabi naming yung mga may totoong intension. Meron naman kahit malakas pero ang intension masama. Kunwari malakas pero itinapat nya lang dun tapos... makikita naman naming yun ginagawa. May identification na din ang Bangka ngayon, yung kulay blue sa Bataraza di ba? Alam namin. So kung palagay namin iba ang intension sinasabihan namin na wag na lang sila bumaba. Kasi minsan nakikita namin ang intensiyon ay yung mga itlog ng pawikan. So pangalagaan natin. Sabi nga ni Sir wag natin hayaan pagdating ng panahon sa libro na lang natin makikita."

"Sa ngayon sir may boya na wala pa?" asked by participants

"Wala pa! Pag na-proclaim na mabigyan ng pondo, lalagyan na natin ng boya"

"Matagal na po naming gustong magtawil-tawil dun mangisda kasi maraming isda doon"

"So tingnan mo, isipin ninyo bakit doon maraming isda, dahil napoprotektahan natin. Yun paikot madaling mangawil."

Forester Appie added "Karagdagan lang po, kahit na wala pang boya, iniimplement na din po, dun mismo sa may bahura bawal pong mangisda. Pwede kayong magtago, magpahinga, magpondo pero wag po sanang mangingisda"

"Bilang representative po ng kabataan, may naisip lang po kanina. Kasi sabi po ni maam dahil sa patuloy na pagdami ng tao sa Ursula, kumukonti naman po ang pagbalik ng wildlife. Pagsinabi po wildlife po, yun bihira na makikita sa mga lugar. So kung sakali po matutuloy ang proclamation, ang tanong ko lang paano po natin ito mapapanatili talaga? Paano po natin masasabi na ang wildlife ay babalik pa din? Kasi pag marami na pong tao syempre sabi natin madaming ibon ganyan, pag marami na pong tao matatakot, mawawala dahil bihira sila makakita ng maraming tao. Kasi kung sabi nila na papalitan ng wildlife sanctuary, ibig sabihin ang wildlife na yun kailangan po natin ng control pa din. Yun lang po bilang kabataan, kung paano po natin masisiguro yon?"

Forester Appie answered "Kung sakali po na mapoproclaim, sa ngayon po meron po kaming pinatutupad na pansamantalang carrying capacity ng isla. Sa isang araw po 40 lang pwede at pinapayagang pumasok ng Ursula. Pangalawa bawal ang overnight. Bawal pasukin ang gubat at may designated area lang na dun lang pwede ang mga bisita. So kung mapoproclaim siya, magkaron po ng study kung ilan ba talaga ang pwedeng pumasok sa isang araw. Katulad ng sa Underground meron po silang pinapatupad na carrying capacity na hanggang dun lang ang pwedeng pumasok, ganun din po ang gagawin sa Ursula. Kaya nga po sabi din ni Sir Frank kung meron po sa barangay na gustong magpunta i-coordinate at schedule lang kasi ganon na din po ang ginagawa natin. Kahit nga po ngayon close yan andaming nagrerequest na magpunta sana sa isla. Kaya po pag inopen natin yan, kelangan po naming malaman at mamonitor ilan po ang bisita na gustong pumunta sa tinakdang

araw. Hindi po natin i-open ng full blown yan. Kasi ayaw po natin masanay ang wildlife sa tao, kelangan wild pa rin sila."

Kagawad Khadafy Saari raised his hand "So wala na po sigurong gustong magsalita, Isang magandang Umaga po sa ating Lahat. Alam ninyo po sa umpisa pa lang kami, mga official ng Barangay Taratak ay buong suporta po para maiproklama ang ating Ursula po. Bagamat alam natin sa umpisa palang, hindi alam kung sino ang may ari nito. Unang sama ko po ng meeting na ito, kung hindi po ako nagkamali, ako pa mismo ang nagtanong kay SB Miano, sino ba talaga ang may ari ng Ursula. So yun na nga pinaliwanag ni SB Miano na ang Taratak, Rio Tuba at Sarong so hanggang sa nawala yun ano at nailagay na ang Bataraza para walang problema. Nagpapasalamat po ako sa inyo po, sa opisina ninyo ganun din po sa Brgy Rio Tuba, sa dalawang company po sa kanilang suporta dahil hindi po natin maisagawa ang lahat ng ito kasama po ang munisipyo para sa kanilang suporta din po para maiproklama itong Ursula. Hanggat hindi po naiproklama itong Ursula, tayo po ay patuloy na sumusuporta sa kanya, ulitin ko po yun dalawang kompanya, para po maprotektahan. Hindi pa nga naiproklama pero napoprotektahan na natin ang ating Ursula. So malaking bagay po para sa amin dito sa Brgy Taratak sapagkat nung andiyan na po si Ursula, nakilala na siya, kumbaga naumpisahan na nating maprotektahan, naprotektahan na din po natin yung karagatan diyan kasi totoo lang po ang Coast Guard natin ang Maritime, yung mga naabot lang ng kanilang mata yun lang ang napoprotektahan nila. Katulad po ng Ursula nun wala pa po nagtatao diyan po nagpupunta ang mga tao, nagdadaing nangingisda! San po sila nangingisda? Diyan po sa area, nagbobongbong. Diyan po yun mga ilegal activities sa palibot na yan. Sa ngayon po, nag-umpisa na, nun binabantayan na natin ang Ursula so napakaganda ng feedback nyan. Unang-una po kaya nalaman namin yan ang mga taga Ameril po, hirap na hirap na po sila mangisda, nasanayan na po nila yun pagbobongbong so ngayon po napipigilan sila kumbaga nababawasan po yun ganung activity. So kami po ay buong suporta para maiproklama po ang ating Ursula. Yun lamang po. Maraming Salamat po."

PASu Aquino "Maraming salamat po sa patuloy na pagsuporta."

The meeting was adjourned at 11:45 AM

Transcribed and prepared by:


RACHEL M. APPIE
EE/Planning Officer

Reviewed by:


FRANKLIN M. AQUINO
FIII/PASU UIGRBS

Attested by:


CONRADO M. CORPUZ
OIC-CENRO



**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
Brooke's Point, Palawan**

**SUBJECT : MINUTES OF PUBLIC CONSULTATIONS TO THE
STAKEHOLDERS OF URSULA ISLAND GAME REFUGE
AND BIRD SANCTUARY (UIGRBS) IN BARANGAY RIO
TUBA, BATARAZA, PALAWAN ON JUNE 1, 2021**

ATTENDANCE:

Nelson Acob	Punong Barangay
Simmy Didik	Barangay Kagawad/Committee on Environment
Melit Llanes	Womens Rio Tuba
Lagrimas Padilla	Purok President, Rio Tuba
Jennifer Jalandoni	Womens, Rio Tuba
Arione Gulay	Womens, Rio Tuba
Alma Apilan	Purok President, Rio Tuba
Johaida Quilang	Media, Rio Tuba
Mhel Heramis	BLGU Rio Tuba/SK Chairman
Genoveva Macasoja	Senior Citizen Asso.
Joey Tindog	CAD
Marvelous Magpusao	CAD
Egera Richard	CAD
Frank Trongos	Radyo Bandera
Gemma Pagdato	VAW Desk Officer
Rodel Ronas	FPO-UIGRBS
Rachel H. Appie	FI/Planning Officer
Franklin M. Aquino	FIII/PASU, UIGRBS

PRELIMINARIES:

The meeting started at 9:00 o'clock in the morning with a prayer led by Alma Apilan. Punong Barangay Nelson D. Acob welcomed the guests and participants attending the activities.

After the warm welcome of participants, PASU Franklin M. Aquino discussed the purpose and objectives of the meeting. PASU Aquino explained that the conduct again of public consultation for the proclamation is due to the result and query of RED Maria Lourdes Ferrer during the National Review conducted and attended thru Zoom last April 19, 2021. The meeting was divided into two part: Part I Communication, Education and Public Awareness (CEPA) and Part II Public Consultation for the proposed proclamation of Ursula Island Game Refuge and Bird Sanctuary.

PART I: Communication, Education and Public Awareness (CEPA)

Forester Rachel Appie discussed the facts and information about UIGRBS using the prepared PowerPoint Presentation. Further, the purpose of RA 7586 or the National

Integrated Protected Areas System and process of proclamation were also discussed for information of all the participants. To conclude the Part 1 activity, an audio visual presentation were presented to appreciate more the beauty of the island and add more information regarding the accomplishments and initiatives of DENR and PAMB members in the protection and management of UIGRBS.

PART II: Public Consultation

The second part was initiated by PASu Franklin Aquino saying "So thank you very much, ako po si Forester Franklin Aquino, ako po ay hindi tagarito pero 1996 nakarating na po ako dito. Ako po yung bagong itinalagang PASu ng protected area dito sa Rio Tuba. So alam ninyo nun naassign ako dito 1996. Nakikita ko na may mga PAMB meeting at mga ganitong usapan, kasi sa pinanggalingan kong lugar madali nilang naiproclaim yung protected area, so sabi ko, parang challenge sabi ko sa isip ko lang sana kung ako ang maitalaga sa lugar na iyan hindi ko tatantanan hanggat hindi ito naipo-proclaim. Nung nakaraang taon may re-shuffling ang mga PASu, so hindi ko naman inaakala na ibinigay sa akin itong trabaho pero sabi ko siguro sinusubukan Nya ako kasi sabi ko sa sarili ko nga noon kung sakaling ako ang ilalagay hindi ko tatantanan hindi maproklama! Kasi biro mo 1960 wala pang birth certificate, kumbaga sa bata un Ursula Island? ANg dami nating ginagawang PAMB meeting, hindi ba nagsasawa ang mga barangay na palaging pinupuntahan natin na hinihingan ng resolution, hinihingan ng sulat, hinihingan ng kung ano-ano para lamang maproclaim. So siguro binibigyan ako ng pagkakataon. So nung nakaraang taon, kasi binulungan ko kasi marami din ako mga naging classmate sa Central Office, sabi nila ngayon 2021 tatlo ang target nila for proclamation ng Region 4B. So tinawagan ko sa taas, Sir hindi nyo ba kilala yun Ursula Island? *Naririnig naming pero hindi masyadong kilala.* Sabi ko Sir isend ko yung video nya. Sabi ko kung tatlo ang target ng Region 4B, ano bay un mga protected areas na itatarget ninyo? Kasi ang nakapasa ay lima pero tatlo lang ang ipoprocess nila ngayong taon. So pinopromote ko sa kanila, ito napakagandang lugar 1960 pa wala pa ring nangyayari. Sabi ko nagsasawa na ang musipyo, nagsasawa na ang barangay, nagsasawa na ang RTN-CBNC wala pa ring nangyayari! Ikaw, tinutulungan mo yung tao pero hindi mo tinutulungan ang sarili mo, hindi maganda diba? Dapat kahit may suporta gagawin mo din yun trabaho mo para mameet yun gusto mong mangyari. Kasi ang schedule ng deliberation is April 19, 2021, sabi ko malabo pang makasama ang Ursula, tumawag ako one month before, sabi ko nun nalaman ko na isa sa Mindoro, isa sa Marinduque at isa sa Palawan. Ang nag-aagawan dito Palawan ay yung sa Roxas at itong Ursula, so sabi ko hindi nyo ba magagawang i-endorse ito? So natuwa ako nun nalaman kong kasama na ang Ursula Island para i-proclaim. So, gaya ng sabi ni Kapitan hindi ito yung huling pagkakataon para hingin namin ang tulong ninyo, tuloy-tuloy po kami na pupunta para sa suporta ninyo. Pero itong pagkakataon na ito, suporta para maproklama na ang Ursula Island. Kasi nga nasa pang-walong step na tayo, dalawa na lang, kahit ung isa lang muna yung proclamation ng Presidente. After ng proclamation, pirma ng Presidente legislation na yan, dadaan sa kongreso magiging isang batas na. Noong April 19, deliberation thru zoom, lahat ng mga Assistant Secretary, mga abogado nandon, pangatlo yun Ursula na in-deliberate, pinaliwanag na lahat. Narinig ko yun mga sinasabi ng Assistant Secretary, *Wow! Meron pala kayong isla na ganyan kaganda na walang nakatira? Paano nangyari yun? Ang ganda! Saan ba yan? Kelan ba kami pwedeng pumunta dyan, ang ganda ng lugar! Wow, ngayon pa lang kami nakakita!* Kasi yun ibang mga isla karamihan may mga nakatira, may mga nakatira, nag-aangkin

minsan titulado pa. Noon nakita nila na walang tao, walang claimant kundi gobyerno lang tuwang-tuwa sila. Pero sa kabila ng tuwa, sabi ng Director ng Region 4B, *teka! Sandali lang. Ok for proclamation yan pero gusto ko marinig yun recent, yun pinakabago, un latest na decision ng taong bayan na nakakasakop niyan.* So nung narinig ko yan, sabi ko bakit nagkaganun? Paano nangyari na siya pa ang nagpigil?! Sabi niya, *Teka bigyan nyo kami ng dalawang buwan para maproclaim na.* Sabi nun mga Asec, *right at this moment mam, magdecide ka ipo-forward na naming ito sa office of the President for signature.* Pero siya ang pumigil, masama ang loob ko nun hapon nay un, sabi ko bakit ganun? Sayang naman, yun pinagdaanan tapos siya pa yung nagpigil? Pero kinabukasan, naintindihan ko naman, nakuha ko yung idea nya yung gusto niyang mangyari, pagdating ng panahon ayaw nya na sisihin siya ng taong bayan, ayaw nya na sabihing nagkulang siya na palibhasa may resolution yan may mga endorsement. Nun naintindihan ko dun nalinawan ang isip ko, ibig sabihin ayaw niya na maproclaim ng basta basta lamang gusto niya yung maganda ang pagkaluto, yun pagdating ng panahon pupurihin siya at hindi siya sisisisihin. Dumating ang memorandum nun nakaraang buwan na mag-conduct ng public consultation, sabi ko ang sama naman public consultation? Alam naman nila na pandemic, alam naman nila ang hirap maggather ng tao sa panahon ngayon. Pero humingi ako ng diskwento, sabi ko pwede bang representative na lang? Dito sa Palawan tumataas ang kaso, limited ang movement. So pumayag naman sila na representative na lang ng mga grupo, kumbaga kayo na ang boses na hinihingi namin. So yun ang purpose naming, ano ba? Gusto nyo ba? Ano bang magiging advantage? Ano bang magiging disadvantage ng pagpoproklama ng Ursula? Nakikita ko sa inyo gusto nyo nang ipagpatuloy yung pangangalaga ng Ursula. Ang ganda ng Ursula, wag nating sayangin yan ang daming wildlife, kapag pumasok kayo mga kahoy diyan, marami pang hindi alam na buhay ilang dun sa area. Ang dami din nagtatanong, hindi naman tayo sa naghihigpit, kumbaga pinapag-aralan namin yung mga wildlife, kasi pag sinabing wildlife sanctuary di бага bahay ng mga mailap na mga hayop, so iniwasan natin na yung pinangangalagaan natin ay biglang mawala. Kasi sabi nila bihira yan na lugar, kung tutuusin hindi naman siya malayo kasi 30 minutes lang nasa Ursula ka na. Itong Ursula ay sa inyo, hindi sa DENR kundi sa Bataraza higit lalo sa Rio Tuba. Kami lang yung binabayaran nyo sa pamamagitan ng mga taxes ninyo para mangalaga pero sa inyo yan. Hindi kami ang makikinabang kundi kayo. Sa inyong kaalaman ang mainland ng Ursula ay 21 hectares lamang yan, pero ang ginawa naming nagpropose kami na isama na ang bahura. Malapit lamang yun bahura, pinalubutan lamang yun isla. Kasi useless naman kung protektahan natin ang kalupaan tapos yun bahura, may mga sea grasses jan, un mga itlogan at tirahan ng mga isda isama nating pangalagaan. So kapag nagkaroon ng pondo yan lalagyan natin ng boya yan. Hindi siya malayo, hindi yan makakaapekto sa mangingisda bagkus makakatulong pa dahil dun ang magiging itlogan ng mga isda, dadami ang isda hindi na kayo magpapakahirap lumayo para mangisda. Noong nasa Ursula ako, nakikita ko ang sitwasyon, ang nakikinabang lang sa malalaking isda ay yung malalaking barko lang eh. Hirap yung maliliit na mangingisda kasi lalayo pa siya, pero kung mapangalaan natin yung itlogan ng isda hindi na tayo lalayo. Hindi naming sinakop yun pangisdaan ninyo kundi yung bahura lamang. So yun ang gusto naming mangyari, so ano naman yung gusto ninyong mangyari? Para mapangalagaan, mapabuti pa natin ang ating pangangalaga sa Ursula. Hindi ba nagbago ang desisyon ng barangay na ipa-proclaim? Wala bang kokontra? Ano bang dahilan? Tingnan nyo ang isa pang advantage, nun nagkaron ng agrounded na barko dyan, yun fishing vessel? So hindi naming ma-file-an ng case kasi wala kaming jurisdiction eh! Sa ngayon ang sakop lang ng Ursula ay ang kalupaan, so

walang basis ang PAMB para sampahan ng kaso yung fishing vessel. In-turn over namin sa munisipyo kasi sakop ng jurisdiction nila at pumayag naman si Mayor, yun multa na 1.7 million ay ibibigay para sa development ng Ursula. Ang kelangan kasi talaga ng Ursula ay speedboat para sa proteksiyon. Ngayon alam ng mangingisda na limitado na sa Ursula,. May nagbobongbong man sa malayo na lang, hindi naman naming kayang habulin dahil sasakay pa lang kami ng bangka para puntahan sila nakaalis na kaagad sila. Hindi ko na pahahabain pa, gusto ko magsalita na kayo, sabihin nyo kung hindi pa rin ba nababago ang decision nyo? I-open natin ang table for comments, suggestion, anu ba yung stand ng taong bayan, ng barangay Rio Tuba para sa proclamation ng Ursula Island? Salamat po, so any suggestion? Siguro mauna na si Kap para gayahing magsalita nun iba.”

Punong Barangay Nelson Acob “So again, in behalf ng barangay council ng Barangay Rio Tuba, gaya ng nabanggit ni Sir Frank, kami even before ay 100% ang aming support doon sa pagdedeclare as protected area un Ursula Island kasi gaya ng nabanggit kanina ni Sir Frank ito yung magiging pride, we are very proud din sa time natin na mapangalagaan natin yun isla, un Ursula Island na siguro isa sa magandang, sabihin natin before talagang napakagandang lugar, parang malaparaíso na lugar so once na ma-proclaim tayo at madeclare siya ng National Government na protected area, mas lalo pang mapangalagaan. Kasi kung hindi yan madeclare as protected area andun yun danger, maabuso at hindi mapangalagaan. Pero once na protected na, madeclare na as protected area nandiyan na lahat ng resources, yun sinasabi ni Sir Frank, yun mga enforcement, budget so mas lalong mapapangalagaan natin ang Ursula. So again sa amin Sir Frank hindi lang ang barangay council, pero iniimpart na din natin ang different sectors na nandito ngayon nakikinig sa inyo yung kanilang stand. But sa amin sa barangay council, rest assured na kung kinakailangan na gawan ulit ng resolution, hindi kami magsasawang magsponsor to support the proclamation of Ursula Island as Protected Area. Lastly, nabanggit ni Sir Frank kanina, kayo ang nakakasaksi ano ang pangangailangan ng Ursula, sa ngayon matagal na sila hindi nakapunta doon Sir Frank, so kung gusto nila magstay, Makita lalo yun kagandahan ni Ursula, so yung nabanggit ni Sir Frank kanina, gustong gusto naming mapuntahan ulit si Ursula, so schedule nyo lang kung anong araw, anong petsa, iconsider din natin siguro ang panahon. Anyway, isang araw lang naman, hindi mag-oovernight doon para magsight-seeing at makita lamang ang area. So again rest assured ang support and commitment para sa Ursula as protected area.”

Mhel Herais said “Good morning po. In behalf po ng mga kabataan, kami po ay in support sa pagproclaim ng Ursula Island. Gusto ko din po makapunta dun kasi at marami pa rin po sa kabarangay namin na gustong makapunta doon at makita ang Ursula Island. Kami po ay sumusuporta na maiproclaim ang Ursula Island, yun lamang po at maraming salamat po.”

Ms. Alma Apilan “Magandang Umaga po sa inyong lahat. Kasi diba kilala naman natin ang Ursula, ano? Bakit hindi nila suportahan, eh kami mismo ang gagamit, tayong matatanda na makikinabang di ba? So willing po kami na sumuporta sir, kung ano man pong meron ang kagandahan ng kalikasan lalong lalo na po dun sa Ursula sir.”

Ms. Lagrimas Padilla “So para po sa ano, ako po ang representative ng fisher folks sa Sitio Marabahay, sumusuporta po kami sa pagproclaim ng Ursula Island, yun lamang po.”

Mrs. Arlene Gulay "hello po, good morning po ako po yun president ng Womens dito sa Rio Tuba, kami din po ay nakikiisa sa proteksiyon ng aming magandang isla para din po yun sa amin dito sa taga Bataraza. Tayo po ay mayroong magandang isla kung maayos natin yan, maraming makikinabang na mangingisda. Yun lamang po at maraming salamat po."

Mrs. Genoveva C. Macasojol said "Good morning ako po ay andito nakatayo in behalf of Senior Citizens association of Brgy. Rio tuba, ang Ursula island ay narating ko in 1980s. Kasi noon, pimakita sa amin noong ni Mayor Asgali kung alin doon ang pipiliin ng school bilang iimprove. Pinapili kami ng Pirates Island at ska Ursula Island. Hindi kop o alam kung nakasama ko si Kap nun kami ay nagpunta ng Pirates Island at kami ay nagtanim doon ng limampung puno ng Niyog. Sad to say, noon nadaanan ko papuntang Brooke's Point nakita ko tatlong niyog lang ang nakatanim. So doon sa Birds Island binisita din naming. Napakaganda ng lugar nayan maraming orchids noong kami ay pumasok doon, ang mga ibon lumalapit samin at tutuka tukain ang kamay namin at binibigyan namin ng pagkain. But then nong bumalik kami ng 2000 iba na konti na ang mga lumalapit, at saka kailangan kami mag over night para Makita namin iyang mga ibon kasi early in the morning sila ay aalis hapon na babalik Unlike noon na makikita naming sila sa gubat kasi ang dami naman. Gusto kong mapatunayan kung ano ba ang sinasabi ng ibang pang ssmahan sa DepEd. Kasi kung meron kaming national seminars, trainings , isa yan sa tinatanong *ano ba yon paano ba naming mapupuntahan ang lugar na maraming ibon.* So ibig sabihin marami din nakakalam doon. Ngayon we are supporting na maproclaim itong Ursula Island and Birds Sanctuary para naman kaming matatanda na, so that's is for the younger generation na magiging pride nila. Na there exists na ganitong lugar here in Bataraza. We are supporting. Thank you!"

"syempre 100 percent po ang aming suporta na maproclaim ang Ursula Island bilang bird sanctuary at saka nais ko pong makarating diyan antagal ko na po dito sa Rio Tuba di pa ako nakakarating diyan. Maraming Salamat po" one the participants said.

Mr. Frank C Trongco "ah magandang umaga po sir, magandang umaga po sa ating mahal na kapitan Nelson D. Acob, kay Kgwld. Simmy Didik, so ngayun ang pagkakaalam ko sa birds island ano po. Since 1979 first time po ako nakapunta. So ang birds island makikita mo ang daming ibon. Ung mga ibon doon maamo pwedi mong lapitan totoo ung sinasabi ni Maam Macasojol. So makalipas ang ilan taon, nong bumalik kami doon, pailan ilan na lang ang mga ibon doon kasi inabuso ng mga tao. Minsan pa nga yan nilambat nila ang mga ibon. So yan birds island talagang maraming ibon. Sang-ayon po kami, supportive po kami para po maging protected area po yan at para po bumalik po ulit ang mga ibon na nawala diyan. Marami pong Salamat at Magandang umaga pos a inyo".

Kagawad Simmy Didik " Thank you very much. Magandang umaga po sa lahat at sa ating mga bisita ngayon. So in behalf po ng barangay council ng Rio Tuba sampu po ng aming mga kasama. Lagi po tayong sumosuporta sa proteksiyon, andiyan po ang suporta ng Barangay government. Marami po ang nag-iiligal fishing dito sa atin gaya ng nabanggit ni Sir at mam, but then karamihan po ay hindi residente ng Bataraza ang nag iiligal fishing diyo. Karamihan taga ibang municipality na po, hindi taga barangay Rio Tuba. Iba po ang nakikinabang, pero iba din ang nagiging biktima. Tayo po nagiging biktima, iba ang nakikinabang diyan. Isa po sa pagtutuunan natin ng pansin yon at isa sa pagtutulungan

natin. Ito po ay hindi lang para sa atin, kung hindi para na din sa mga susunod na mga henerasyon, para sa mga anak natin. So 100% po ang suporta ng Bgy. Government. So uulitin ko PASu 100% po ang suporta naming.”

PASu Aquino, “So maraming salamat po sa inyong suporta!”

The meeting was adjourned at 11:00 AM.

Transcribed and prepared by:


RACHEL H. APPIE
FI/Planning Officer

Reviewed by:


FRANKLIN M. AQUINO
FIII/PASU UIGRBS

Attested by:


CONRADO M. CORPUZ
OIC-CENRO

ATTENDANCE

PUBLIC CONSULTATION FOR THE PROCLAMATION OF UIGRBS

May 28, 2021
Date

CERTIFIED PHOTO COPY
CYNTHIA A. EYALA
Admin Aide VI
Acting Records Officer
Date: JUN 07 2021

PANGALAN	EDAD	KASARIAN	ORGANISASYON/BARANGAY	NUMERO	LAGDA
HECKY R. ABDULA	21	M	sk chairman	09991090740	HECKY
Jakiram F. Hicani	71	M	Lupon	0930915409	J
YANIK I. BORTON	43	M	P.K./vice, Agriculture	099014999957	Y
ALVIN M. RENDAMAN	35	M	B.K./Environment	09070669881	ALVIN
THEOPHILUS M. SEROLA	39	M	P.P.	09295709883	THEOPHILUS
THEOPHILUS J. PASINOSO	46	M	FIGHTER FOR PRES./Pggy Sec.	09308397944	THEOPHILUS
Manuel B. de Real	26	F	B.T	09531504544	Manuel
Amidol D. Jilang	48	M	B.S/Imam	09481090744	Amidol
MINDA K. TERAMBULO	36	F	FDMM - FIDE	09158072381	Minda
Alana D. Casatejan	53	F	B.H.A.	09517663204	Alana

ATTENDANCE



PUBLIC CONSULTATION FOR THE PROCLAMATION OF UIGRBS

May 26, 2021

Date

CERTIFIED PHOTO COPY

CYNTHIA A. EYALA
Admin Aide VI
Acting Records Officer
Date: JUN 07 2021

PANGALAN	EDAD	KASARIAN	ORGANISASYON/BARANGAY	NUMERO	LAGDA
ANON R. SIPULAN	51	M	Brgy. Kiyat. Com. Environment	09054680203	
Ahmad T. Upping	57	M	Lupat	09658538431	
JOHN J. A. JATAXE	35	M	P/D	09156097072	
Leonardo M. Sampayan	46	M	IPMR	09755576643	
Leonard H. (Nai)	41	M	Kapang.	093344911	
JOJO BUCKHAN	30	M	Bgy. SECRETARY	09066901153	
MARIE SIVIA	49	F	Nais	09255738971	
ALBERT D. KULISABAB	41	F	EUBA		
ANILYN K. Sijlan	38	F	Religious Sector		
MESAL B. UPPIN	23	M	Kabayan	0975025442	



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
Brooke's Point, Palawan



ATTENDANCE

PUBLIC CONSULTATION FOR THE PROCLAMATION OF UICGRBS

June 1, 2021

Date

CERTIFIED PHOTO COPY

CYNTHIA A. EYALA
Admin Aide VI
Acting Records Officer
Date: JUN 07 2021

PANGALAN	EDAD	KASARIAN	ORGANISASYON/BARANGAY	NUMERO	LAGDA
1 Melit m. Llanos	41	Palawan	Women's Riots	09153203507	Chlorine
2 Regina R. Forjick	41	"	Public President Purok	09153203508	Chlorine
3 Jethro F. Jaramilla	45	"	Women's Riots	09153203509	Chlorine
4 Arlene G. Guila	33	Palawan	Women's Riots	09153203510	Chlorine
5 Ron A. C. Aprian	42	Palawan	Public President Purok	09153203511	Chlorine
6 Nelson R. Arce	34	Palawan	Women's Riots	09153203512	Chlorine
7 Jethro C. Guila	44	Palawan	Women's Riots	09153203513	Chlorine
8 Meli Aramis	24	M	st chairman	09153203514	Chlorine
9 Sunny v. Pichu	54	"	Public President Purok	09153203515	Chlorine
10 GENEVEVA C. MACASAGOT	96	Female	Public President Purok	09153203516	Chlorine




PHOTO DOCUMENTATION



PUBLIC CONSULTATIONS TO THE STAKEHOLDERS OF UIGRBS IN BARANGAY SARONG, BATARAZA, PALAWAN ON MAY 25, 2021

Activity conducted and facilitated by:


FRANKLIN M. AQUINO
FI/II/PASU UIGRBS


RACHEL H. APPIE
FI/Planning Officer




PHOTO DOCUMENTATION



PUBLIC CONSULTATIONS TO THE STAKEHOLDERS OF UIGRBS IN BARANGAY TARATAK, BATARAZA, PALAWAN ON MAY 26, 2021


Activity conducted and facilitated by:


FRANKLIN M. AQUINO
FIII/PASU UIGRBS


RACHEL D. APPIE
EX/Planning Officer




PHOTO DOCUMENTATION



PUBLIC CONSULTATIONS TO THE STAKEHOLDERS OF UIGRBS IN BARANGAY RIO TUBA, BATARAZA, PALAWAN ON JUNE 1, 2021

Activity conducted and facilitated by:


FRANKLIN M. AQUINO
FIIL/PASU UIGRBS


RACHEL H. APPIE
FI/Planning Officer